



PATNUBAY SA MISA



16 Disyembre 2018

Ikatlong Linggo ng Adbiyento

Taon K

Ang Galak sa Pagdating ng Panginoon



Ang Ikatlong Linggo sa Panahon ng Pagdating ay tinatawag na “Linggong Gaudete.” Ang “gaudete” sa wikang Latin ay nangangahulugan ng “magalak.” Dapat tayong magalak dahil nangalahati na ang ating paghahanda para sa pagdating ng Panginoon.

Kailangan tayong magalak sapagkat malapit na ang pagdating ni Hesus. Mahalagang pagibayuhin natin ang ating paghahanda lalo na sa pamamagitan ng pagtataguyod ng katarungan sa ating lipunan. Ito ang hamon ni San Juan Bautista sa ating lahat.

PASIMULA



Pambungad

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Magalak nang palagian sa Poon nating marangal. Darating ang hinihintay, ating pinananabikan, Panginoon nating mahal.

Pagbati

P–Ang pagpapala ng ating Panginoon Hesukristo, na kagalakan ang dala sa kanyang pagdating, ang pag-ibig ng Diyos Ama, at ang pakikipagkaisa ng Espiritu Santo ay sumainyong lahat!

B–At sumaiyo rin!

Pagsisisi

P–Paghandaan natin ang ating sama-samang pagdiriwang at nang mapuspos ng kagalakan ang ating mga kalooban. (Manahimik saglit.)

P–Para sa aming kawalan ng masigasig na paghahanda para sa iyong pagdating sa aming buhay, Panginoon, kaawaan mo kami.

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming kakulangan ng pananabik sa kagalakang dulot ng iyong pagdating, Kristo, kaawaan mo kami.

B–Kristo, kaawaan mo kami!

P–Para sa aming kakulangan ng pagtataguyod ng katarungan sa aming lipunan, Panginoon, kaawaan mo kami.

B–Panginoon, kaawaan mo kami!

P–Kaawaan tayo ng makapangyarihang Diyos, patawarin tayo sa ating mga sala, at patnubayan tayo sa buhay na walang hanggan.

B– Amen!

Panalangin Pambungad

P–Ama naming makapangyarihan, tunguhan mo ang pananabik ng iyong sambayanan sa Pasko ng Pagsilang ng Panginoon naming mahal. Pasapitin mo kami sa kagalakang dulot ng kanyang pagtubos at pasiglahin mo kami sa pagpapasalamat sa iyong kaloob sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B–Amen!

PAGPAPAHAYAG NG SALITA NG DIYOS



Unang Pagbasa Sof 3:14-18

Ang aklat ni Propeta Sofonias ay naglalarawan ng Araw ng Panginoon, na siya ring Araw ng Kaparusahan para sa mga kasalanan ng Jerusalem at ng buong Kaharian ng Juda. Ang mga kasalananang ito ay ang pagsamba sa mga diyos-diyosan

at ang paniniil ng mga nasa kapangyarihan. Ngunit ang poot ng Diyos ay hindi panghabangpanahon. Puno ng awa at habag ang Panginoon at kanyang bubuuin muli at paliligayahin ang kanyang bayan.

L – Pagpapahayag mula sa Aklat ni Propeta Sofonias

Umawit ka nang malakas, Lunsod ng Sion; sumigaw ka, Israel! Magalak ka nang lubusan, Lunsod ng Jerusalem!

Ang mga nagpaparusa sa iyo ay inalis na ng Panginoon, at itinaon niya ang inyong mga kaaway. Nasa kalagitnaan mo ang Hari ng Israel, ang Panginoon; wala nang kasawiang dapat pang katakutan.

Sa araw na yaon ay sasabihin sa Jerusalem: “Huwag kang matakot, Sion; huwag manghina ang iyong loob. Nasa piling mo ang Panginoong iyong Diyos, parang bayaning nagtagumpay; maki-kigalak siya sa iyong katuwaan, babaguhin ka ng kanyang pag-ibig; at siya’y masayang aawit sa laki ng kagalakan, gaya ng nagdiriwang sa pista.”

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Salmong Tugunan *Isa 12*

B – *D’yos na kapiling ng bayan ay masayang papurihan!*

R. M. Velez

* Ang Diyos ang siyang nagliligtas sa akin, tiwalang-tiwala ako at wala munti mang pangamba. Sapagkat ang Poon ang lahat sa akin, siya ang aking awit, ang aking kaligtasan. Malugod kayong sasalok ng tubig sa batis ng kaligtasan. **B.**

* “Magpasalamat kayo sa Poon, siya ang inyong tawagan; ipaalam ninyo sa mga bansa ang kanyang ginawa, ipahayag ninyo ang kadakilaan ng kanyang pangalan.” **B.**

* “Umawit kayo ng papuri sa Poon, sapagkat kahanga-hanga ang kanyang mga ginawa, ipahayag ninyo ito sa buong daigdig. Mga anak ng

Sion, umawit kayo nang buong galak, sapagkat nasa piling ninyo ang dakila at ang Banal ng Israel.” **B.**

Ikalawang Pagbasa *Fil 4:4-7*

Ang Sulat ni San Pablo sa mga taga-Filipos ay para sa isang pamayanang talagang napamahal sa Apostol. Hinihimok sila ni San Pablong magalak lagi sa Panginoon. Ang kagalakang ito ay ang kawalan ng pagkabalisa sa buhay. Ito ay dahil sa dinirinig ng Diyos ang panalangin ng isang taong marunong magpasalamat sa kanya para sa mga biyayang natanggap.

L – Pagpapahayag mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos

Mga kapatid: Magalak kayong lagi sa Panginoon. Inuulit ko: magalak kayo!

Ipadama ninyo sa lahat ang inyong kagandahang-loob. Malapit nang dumating ang Panginoon. Huwag kayong mabalisa tungkol sa anumang bagay. Sa halip ay hingin ninyo sa Diyos ang lahat ng inyong kailangan sa pamamagitan ng panalangin may pasasalamat. At ang di-malirip na kapayapaan ng Diyos ang mag-iingat sa inyong puso at pag-iisip sa pamamagitan ni Kristo Hesus.

Ang Salita ng Diyos!

B – Salamat sa Diyos!

Aleluya *Isa 61:1*

B – **Aleluya! Aleluya!**
Espiritu ng Maykapal
nasa akin upang hatdan
ang mga dukha ng aral.
Aleluya! Aleluya!

Mabuting Balita *Lu 3:10-18*

Nais ni San Juan Bautista na magalak ang Bayan ng Israel. Ito ay magaganap kapag talagang naghari ang katarungan sa buong bayan. Kaya tinuturuan ni San Juan Bautista ang mga tao kung paano tutupdin ang kanilang mga tungkulin sa ikabubuti ng kanilang mga kapuwa.

P – Ang Mabuting Balita ng Panginoon ayon kay San Lucas

B – **Papuri sa iyo, Panginoon!**

Noong panahong iyon: Tinanong si Juan Bautista ng mga tao, “Kung gayon, ano po ang dapat naming gawin?”

“Kung mayroon kang dalawang baro, bigyan mo ng isa ang wala. Ganyan din ang gawin ng mga may pagkain,” tugon niya.

Dumating din ang mga publikano upang pabinyag at itinanong nila sa kanya, “Guro, ano po ang dapat naming gawin?” Sumagot siya, “Huwag kayong sumingil nang higit sa dapat singilin.” Tinanong din siya ng mga kawal, “At kami, ano naman ang dapat naming gawin?” “Huwag kayong manghihingi kaninuman sa pamamagitan ng pamimilit o ng pagpaparatang ng di totoo; masiyahan kayo sa inyong sahod,” sagot niya.

Naghahari sa mga tao ang pananabik sa pagdating ng Mesiyas at ang akala ng marami’y si Juan ang kanilang hinihintay. Kaya’t sinabi ni Juan sa kanila, “Binibinyagan ko kayo sa tubig, ngunit ang darating na kasunod ko ang magbibinyag sa inyo sa Espiritu Santo at sa apoy. Siya’y makapangyarihan kaysa akin, at ni hindi ako karapat-dapat magkalag ng tali ng kanyang panyapak. Hawak niya ang kanyang kalaykay upang alisin ang dayami. Titipunin niya ang trigo sa kanyang kamalig, ngunit ang ipa’y susunugin sa apoy na di mamamatay kailanman.” Marami pang bagay ang ipinangaral ni Juan sa mga tao sa kanyang paghahayag ng Mabuting Balita.

Ang Mabuting Balita ng Panginoon!

B – **Pinupuri ka namin, Panginoong Hesukristo!**

Homiliya

Sumasampalataya

B – Sumasampalataya ako sa Diyos Amang makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, iisang Anak ng Diyos, Panginoon nating lahat. Nagkawatang-tao siya lalang ng Espiritu Santo, ipinanganak ni Santa Mariang Birhen. Pinagpakasakit ni Poncio Pilato, ipinako sa krus, namatay, inilibing. Nanaog sa kinaroroonan ng mga yumao. Nang may ikatlong araw nabuhay na mag-uli. Umakyat sa langit. Naluluklok sa kanan ng Diyos Amang makapangyarihan sa lahat. Doon magmumulang paririto at huhukom sa nangabubuhay at nangamatay na tao.

Sumasampalataya naman

ako sa Diyos Espiritu Santo, sa banal na Simbahang Katolika, sa kasamahan ng mga banal, sa kapatawaran ng mga kasalanan, sa pagkabuhay na muli ng nangamatay na tao at sa buhay na walang hanggan. Amen!

Panalangin ng Bayan

P – Hangad nating mapalaganap ang katarungan sa ating lipunan. Ito ang talagang magdudulot ng galak sa lahat. Puno ng tiwala sa tulong ng Panginoon ating sasambitin:

B – Diyos ng kagalakan, dinggin Mo ang aming panalangin!

* Para sa mga namumuno sa Simbahan, ang Bayang dapat maging saksi sa katarungan at kagalakang dulot ng Diyos, upang madala nila sa lahat ang kaligayahang nakaugat sa pagdating ni Hesus, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa lahat ng mga kabataan ng ating bayan, upang matupad ang pinapangarap nilang katarungan at kagalakan para sa ating lipunan, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga namumuno sa ating bansa, upang magpunyagi silang lagi sa pagpapalaganap ng tunay na katarungan para sa ikapapanuto ng lahat ng mga mamamayan, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa mga taong nagdadala ng kalungkutan sa buhay ng kanilang mga kapuwa dahil sa kanilang mga di-makatarungang gawain, upang pahalagahan nila ang katarungang nagbibigay ng galak at kapayapaan, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Para sa ating lahat na nagkakatatipon sa pagdiriwang na ito, upang sa ating paghahanda sa pagdating ng Panginoon ay maging makatarungan tayo sa lahat ng bagay, manalangin tayo sa Panginoon. **B.**

* Tahimik nating ipanalangin ang ating mga pansariling kahalilingan. (*Tumigil saglit.*)

Manalangin tayo! **B.**

P – Ama naming ugat ng lahat ng kagalakan, isugo Mo sa amin ang Iyong Banal na Espiritung siyang pupukaw sa aming mga puso para

sa ikalalaganap ng katarungan sa lahat ng dako, at nang tunay na maghari ang Iyong Anak na darating, si Hesukristong aming Panginoon.

B – Amen!

PAGDIRIWANG NG HULING HAPUNAN



P – Manalangin kayo. . .

B – Tanggapin nawa ng Panginoon itong paghahain sa iyong mga kamay sa kapurihan niya at karangalan, sa ating kapakinabangan at sa buong Sambayanan niyang banal.

Panalangin ukol sa mga Alay

P – Ama naming Lumikha, maihain nawang lubos ang matapat naming paglilingkod sa pagganap sa itinatag ng iyong Anak at sa pakikinabang sa iyong pagtubos sa aming lahat sa pamamagitan niya kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

Prepasyo ng Adbiyento II

P – Ama naming makapangyarihan, tunay ngang marapat na ikaw ay aming pasalamatan sa pamamagitan ni Hesukristo na aming Panginoon.

Ang pagsusugo mo sa kanya ay ipinahayag ng lahat ng mga propeta. Ang pagsilang niya’y pinanabikan ng Mahal na Birheng kanyang Inang tunay sa kapangyarihan ng Espiritung Banal. Ang pagdating niya’y inilad ni San Juan Bautista sa kanyang pagbinyag. Ngayong pinaghahandaan namin ang maligayang araw ng kanyang pagsilang, kami’y nananabik at nananalangin lubos na makaharap sa kanyang kadakilaan.

Kaya kaisa ng mga anghel na nagsisiawit ng papuri sa iyo nang walang humpay sa kalangitan, kami’y nagbubunyi sa iyong kadakilaan:

B – Santo, santo, santo Panginoon Diyos ng mga hukbo. Napupuno ang langit at lupa ng kadakilaan mo. Osana sa kaitaasan!

Pinagpala ang naparirito sa ngalan ng Panginoon. Osana sa kaitaasan!

Pagbubunyi

B – Aming ipinahahayag na namatay ang ‘yong Anak, nabuhay

bilang Mesiyas at magba-balik sa wakas para mahayag sa lahat.

PAKIKINABANG



B – Ama namin . . .

P – Hinihiling namin . . .

B – Sapagkat iyo ang kaharian at ang kapangyarihan at ang kapurihan magpakailanman! Amen!

Paanyaya sa Kapayapaan

Paghahati-hati sa Tinapay

B – Kordero ng Diyos . . .

Paanyaya sa Pakikinabang

P – Ito ang Kordero ng Diyos na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga inaanyayahan sa kanyang piging.

B – Panginoon, hindi ako karapat-dapat na magpatuloy sa iyo ngunit sa isang salita mo lamang ay gagaling na ako.

Antipona ng Pakikinabang

(Ipahahayag lamang kung walang awiting nakahanda.)

Lakasan ang inyong loob, kayo ay huwag matakot. Dumarating ang Poong D’yos upang tayo ay matubos at sa kanya’y makadulog.

Panalangin Pagkapakinabang

P – Ama naming mapagmahal, ang pinagsaluhan namin ngayon sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan ay magpagindapat nawang kami’y maging handa para sa Pasko ng Pagsilang ng iyong Anak na siyang namamagitan kasama ng Espiritu Santo magpasawalang hanggan.

B – Amen!

(Dasalin ang Panalangin upang Wakasan ang Human Trafficking.)

PAGWAWAKAS



P – Sumainyo ang Panginoon.

B – At sumaiyo rin!

P – Magsiyuko kayo at ipanalangin ang pagpapala ng Diyos. (*Manahimik saglit.*)

Nagagalak kayo sa nalalapit na paggunita sa pagsilang ni Kristo. Sa kanyang maluwalhating pagbabalik, gantimpalaan niya nawa kayo ng buhay na walang hanggan.

B – Amen!

P –Itulot nawa ng Diyos na kayo’y maging matatag sa pananam-palataya, masayang umaasa, at walang pagod sa pagmamahal sa buong buhay ninyo.

B –Amen!

P –Nawa ang pagdating ng Anak ng Diyos ay magdulot sa

inyo ng liwanag ng kanyang kabanalan at kapangyarihan ng kanyang biyaya.

B –Amen!

P –Pagpalain nawa kayo ng maka-pangyarihang Diyos: Ama, Anak, at Espiritu Santo.

B –Amen!

P –Humayo kayo sa kapayapaan at maging bukal nawa kayo ng kagalakan para sa inyong kapwa.

B –Salamat sa Diyos!

ANG KARATUNGANG MAGDUDULOT NG TUNAY NA KAGALAKAN SA BUHAY

A ng katarungan ay ang pagbibigay ng dapat sa lahat. Ayon sa mga pantas ay apat ang uri ng katarungan. Ang una ay ang **katapatan sa napag-usapan**. Ang taong makatarungan ay laging tumutupad sa napag-usapan. Ang nangkong magbabayad ay dapat magbayad. Ang mangangalakal na nangakong magbibigay ng tamang produkto ay dapat ibigay ito. Ang manggagawang nangakong magtatrabaho nang maayos ay dapat tupdin ito. Ang nagmamay-aring nangakong ibigay ang tamang sahod at mga benepisyo ay dapat ipagkaloob ang mga ito.

Ang ikalawang uri ng katarungan ay ang **pagtupad ng tungkulin sa bayan**. Ang mga mamamayan ay kailangang gawin ang kanilang mga tungkulin para sa ikabubuti ng bayan. Ang mga tungkuling ito ay ang pagbabayad ng buwis, ang pagsunod sa batas, at ang pagtataguyod sa ikauunlad ng lipunan.

Ang ikatlong uri ng katarungan ay ang **tamang pangangalaga sa kapakanan ng mga mamamayan**. Ito ay ang tungkulin ng pamahalaan na gawin ang lahat ng makakaya para sa mga mamamayan. Kailangang ipagtanggol ita taguyod ang buhay ng lahat. Kailangang pairalin ang kaayusan at kapayapaan sa lipunan. Dapat ding sikaping makapag-aral ang mga kabataan at may mahahanap na gawain ang mga may kayang gumawa. Dapat tiyakin ng pamahalaang sapat ang sahod ng mga manggagawa at may katiyakan ang kanilang mga trabaho. Dapat ding mapangalagaan ang kalusugan ng lahat. Narapat din namang itaguyod ang paglago ng sining at agham at ang kalayaan sa pagpapahayag at sa pananampalataya.

Ang ikaapat na uri ay ang **katarungang panlipunan**. Ito ay bunga ng pagsisikap ng Simbahan, mula kay Papa Leo XIII hanggang kay Papa Francisco, na itaguyod ng maayos na pamumuhay para sa lahat. Ito ay nakaugat sa turo ng aklat ng Mga Gawa ng Mga Apostol: *“Nagkaisa ang damdami’t isipan ng lahat ng sumasampalataya. . . Walang nagdarahop sa kanila”* (Gawa 4:32a.34a). Mahala-

gang walang nagdarahop sa lipunan. Mangyayari lamang ito kapag ang yaman ng mga maykaya sa buhay ay hindi labis. Ang labis na yaman ay ang pagtatamang nagbubunga ng pagdarahop sa iba. Ang pangangalaga sa kapakanan ng lahat ang pakay ng katarungang panlipunan.

Para kay San Juan Bautista ang paglaganap ng katarungan ay ang lihim ng tunay na kagalakan. Ito rin ang tamang pagsalubong sa pagdating ng Panginoon.

Panalangin upang Wakasan ang Human Trafficking

O Diyos ng Pag-ibig at Awa, • idinudulog namin sa iyo ang mga kababaihan, • kalalakhian, at mga kabataan ng nawalan ng kanilang kalayaan, • narungisan ang kanilang karangalan • ang kanilang buhay at kinabukasan • ay binalot ng kadiliman.

Ibalik mo sa kanila • ang kanilang karangalan. • Muling buuin • ang kanilang wasak na katawan at espiritu. • Bigyan mo sila • ng isang maningning na kinabukasan • at hayaan mo silang • mamuhay na muli sa pagmamahal at kapayapaan.

Pangalagaan mo ang lahat ng lumalaban sa *human trafficking*. • Palakas mo ang mga tagapagtaguyod ng karangalan ng tao. • Hayaan mong puspusin ng liwanag • ang mga nagmumulat sa mga tao. • Basbasan mo ang mga nag-aaruga sa mga biktima at mga nakaligtas.

Hipuin mo ang puso ng mga *trafficker* at kanilang mga tagapagtaguyod. • Palitan mo ng awa ang kanilang kasakiman. • Pigtalin mo ang kadena at *network* ng pang-aabusong ito • ay maging tagapagtaguyod ng katarungan.

Ang lahat ng ito ay hinihiling namin kay Hesukristo, • kasama ng Diyos Ama at ng Espiritu Santo, • iisang Diyos magpakailanman. Amen!



WORD & LIFE PUBLICATIONS

Don Bosco Compound, A. Arnaiz Ave. cor. Chino Roces Ave., Makati, Metro Manila

Postal Address: P.O. Box 1820, MCPO, 1258 Makati, Metro Manila, Philippines

Tel. Nos. 894-5401; 894-5402; 892-2169 • Telefax: 894-5241 • Website: www.wordandlife.org

• E-mail: marketing@wordandlife.org; wordandlifepublications@gmail.com • FB: Word & Life Publications

• Editorial Team: Fr. S. Putzu, Fr. R. Lagaya, C. Valmonte, V. David, J. Domingo, A. Adsuara, D. Daguio

• Illustrations: A. Sarmiento, B. Cleofe • Marketing: Fr. B. Nolasco and T. Mojica • Circulation: R. Saldua